

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021  
Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**Sistema ng Alokasyon**

<b>Q(1)</b>	Ano ang Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA)?
<b>A(1)</b>	<p>Ang mga kwalipikadong mag-aaral na Primary 6 (P6) ay maaaring magkaroon ng lugar sa pampublikong sektor na Secondary 1 sa pamamagitan ng pakikilahok sa Sistemang SSPA. Ang Sistemang SSPA ay hinati sa dalawang yugto: Ang mga Discretionary Place (DP) at ang Sentral na Alokasyon (CA).</p> <p>Para sa yugto ng DP, ang mga mag-aaral ay maaaring mag-apply sa hindi hihigit sa dalawang paaralang pang-sekondarya lumalahok sa SSPA sa alinmang mga distrito nang direkta. Maaaring maglaan ang mga paaralan ng hindi hihigit sa 30% ng kanilang mga lugar na S1 bilang DP at tumanggap ng mga mag-aaral ayon sa pilosopiya at mga katangian ng kanilang edukasyon. Para sa siklo ng alokasyon sa 2019/2021, ang aplikasyon para sa mga lugar na DP ay isinagawa sa pagitan ng 4 Enero 2021 at 18 Enero 2021.</p> <p>Sa yugto ng CA, magbibigay ang computer ng mga lugar ng paaralan sa mga mag-aaral na lumalahok sa SSPA ayon sa kanilang pangkat ng alokasyon, mga paaralang pinili ng magulang at sapalarang mga bilang. Upang mapadali ang pagpili sa CA, ang bawat mag-aaral na P6 ay inilalagay, sa pamamagitan ng kaniyang pinapasukang paaralan, isang “Paalala para sa magulang ukol sa Sentral na Alokasyon”, isang “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili) at “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” (para sa sanggunian ng mga magulang sa kanilang pagpupuno sa Bahagi B ng Form sa Pagpili) para sa paaralang kinabibilangan niya sa mga gitnang araw ng Abril 2021. Ipinamahagi rin sa bawat primaryang paaralan ang ilang mga kopya ng “Manwal Para sa Mga Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” (para sa reperensya ng mga magulang sa kanilang pagpupuno sa Bahagi A ng Form sa Pagpili).</p> <p>Ang mga matagumpay na aplikanteng DP ay hindi na muling bibigyan ng mga lugar sa CA. Ang mga resulta ng DP at CA ay sabay na ilalabas sa Hulyo 2021. Para sa mga detalye ng Sistemang SSPA, maaaring sumangguni ang mga magulang sa polyeto ng impormasyon at sa DVD ng Sistemang SSPA.</p>
<b>Q(2)</b>	Paano ipinagkakaloob ang mga lugar ng paaralan sa ilalim ng Sentral na Alokasyon (CA)?
<b>A(2)</b>	<p>Matapos ang pagbabawas ng repeater at mga lugar sa diskresyon, ang mga natitirang mga lugar sa paaralang pang-sekondarya ay gagamitin para sa CA. Sa mga lugar sa CA, mga 10% ang para sa “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at maaaring pumili ang mga magulang ng hindi hihigit sa 3 paaralan (kasama ang mga paaralang napapaloob na kinabibilangan ng kanilang mag anak) mula sa alinmang mga distrito. Ang natitirang mga 90% ng lugar sa CA ay para sa “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”. Maaaring pumili ang mga magulang ng hanggang 30 paaralan sa loob ng paaralang napapaloob ng kanilang mga anak. Sa proseso ng alokasyon ng mga lugar ng paaralan, ang mga “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A ng lahat ng mag-aaral ang unang ipoproseso, at pagkatapos ay susundan ng kanilang “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B.</p>

<b>Q(3)</b>	Anong mga alintuntunin ang susundin sa Sentral na Alokasyon (CA)?
<b>A(3)</b>	<p>Ang CA ay isinasagawa batay sa mga sumusunod na saligan:</p> <p>(a) Pangkat ng Alokasyon ng mag-aaral.</p> <p>(b) Mga piniling paaralan ng magulang; at</p> <p>(c) Sapalarang bilang.</p> <p>Para sa mga katangian ng CA, maaaring sumangguni ang mga magulang sa “Paalala para sa magulang ukol sa Sentral na Alokasyon” na ipinamamahagi sa pamamagitan ng Seksyon ng Kawanihan ng Edukasyon na aloksyon sa mga lugar ng paaralan sa gitnang araw ng Abril 2021.</p>
<b>Q(4)</b>	Paano pinoproseso ang mga pinili ng magulang sa yugto ng Sentral na Alokasyon?
<b>A(4)</b>	<p>Sa proseso ng alokasyon ng lugar sa paaralan, ang “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A ay ang unang ipoproseso. Pagkatapos maiproseso ang mga piniling paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A saka lamang sisimulan ng computer ang pagproseso sa “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B.</p> <p>Habang pinoproseso ang “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A, ipoproseso muna ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Pangkat ng Teritoryo 1. Pagkatapos salain ang lahat ng piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Band, gagawin din ng computer ang parehong pamamaraan upang iproseso ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Pangkat ng Teritoryo 2, at panghuli, ang sa mga mag-aaral sa Pangkat ng Teritoryo 3. Ang mga mag-aaral na naging matagumpay sa pagkuha ng lugar sa Bahagi A ay hindi na bibigyang muli ng lugar sa Bahagi B. Kung ang mga mag-aaral ay hindi nabigyan ng mga lugar ng paaralan pagkatapos maubos ang kanilang mga piniling paaralan sa Bahagi A, sila ay bibigyan ng mga lugar ng paaralan sa Bahagi B.</p> <p>Kapag pinoproseso ang “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B, ipoproseso muna ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Napapaloob na Pangkat 1. Pagkatapos salain ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral na nasa pangkat, kung hindi pa rin nabibigyan ang ilang mga mag-aaral ng mga lugar ng paaralan, sila ay ilalagay sa natitirang lugar sa paaralang napapaloob. Pagkatapos na mabigyan ng lugar ng paaralan ang lahat ng mga mag-aaral sa Napapaloob na Pangkat 1, susundin ng computer ang parehong pamamaraan para iproseso ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa Napapaloob na Pangkat 2 at panghuli, ang sa mga mag-aaral sa Napapaloob na Pangkat 3.</p>
<b>Q(5)</b>	Para saan ang sapalarang bilang?
<b>A(5)</b>	<p>Bago ang proseso sa Sentral na Alokasyon, bubuo ang computer ng mga sapalarang bilang para sa bawat mag-aaral para malaman ang pagkakasunod-sunod ng alokasyon sa loob ng parehong pangkat ng alokasyon. Kung ang bilang ng mga available na lugar sa isang paaralan ay mas mababa kaysa sa kailangan, ang mga mag-aaral na may mababang mga sapalarang bilang ay ang unang ilalagay sa paaralan. Ang sapalarang bilang ay walang kaugnayan sa Student Reference Number (STRN) ng isang mag-aaral o sa kaniyang mga personal na detalye. Habang pinoproseso ang alokasyon, bawat mag-aaral ay bibigyan ng isa lamang sapalarang bilang. Ang random na numero ay hindi mananatili pagkatapos na makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.</p>

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021  
Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**Mga Pangkat ng Alokasyon**

<b>Q(1)</b>	Paano sinusukat ang mga resulta ng panloob na (IA) pagsusuri ng paaralan ng mga mag-aaral?
<b>A(1)</b>	Para sa Sentral na Alokasyon (CA) sa SSPA sa 2019/2021, ang pangkalahatang resulta ng Pre-Secondary 1 Hong Kong Attainment Tests (Pre-S1 HKAT) sa 2016 at 2018 ng paaralan ay gagamitin bilang kasangkapan ng panukat. Kung ang paaralan (hal., isang bagong paaralan) ay walang mga resulta ng Pre-S1 HKAT noong 2016 o 2018, ang pangkalahatang resulta ng Pre-S1 HKAT ng lahat ng paaralang primarya sa loob ng parehong paaralang napapaloob sa kaugnay na taon ang gagamitin sa pagsukat.
<b>Q(2)</b>	Paano inaalam ang mga pangkat ng alokasyon ng mga mag-aaral? Para saan ginagamit ang mga iyon?
<b>A(2)</b>	<p>Malalaman ang mga pangkat ng alokasyon ng mga mag-aaral ayon sa resulta sa kanilang mga nasukat na resulta ng panloob na pagsusuri (IA), ibig sabihin, ang pinagsamang mga resulta ng IA ng mga mag-aaral sa katapusan ng Primarya 5 (P5), at kapwa sa kalagitnaan ng taon at sa katapusan ng Primarya 6 (P6) na sinukat sa pamamagitan ng panukat at pagkatapos ay kinuha ang katapatang marka. Gayunpaman, dahil sa kasalukuyang epekto ng epidemyang COVID-19, nagdesisyon ang Kawanihan ng Edukasyon (EDB) na pahintulutan ang mga paaralan na, kung kinakailangan, ay magsumite ng resulta ng IA ng ikalawang bahagi ng P5 at unang bahagi ng P6 o sa ayos ng merito ng mga mag-aaral sa pinaghalong paraan ng SSPA 2019/2021. Ang mga resulta ng IA sa bawat paaralan ay mapapasailalim ng pagtatasa sa loob ng parehong mekanismo.</p> <p>Para sa pagpoproseso ng “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A, ang nasukat na mga marka ng lahat ng mga mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay sa isang pagkakasunod-sunod ng merito. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong mga Pangkat ng Teritoryo, bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa paaralang primarya sa teritoryo. Para sa “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B, ang nasukat na mga marka ng lahat ng mga mag-aaral na parehong napapaloob ay ilalagay sa isang pagkakasunod-sunod ng merito. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa tatlong mga Pangkat na Napapaloob, bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng primarya sa paaralang napapaloob. Ang mga Pangkat na Napapaloob ay ginagamit para sa paglalaan ng mga lugar sa paaralan na para lamang sa mga paaralang napapaloob ng mag-aaral.</p> <p>Ang Pangkat ng Teritoryo at ang Pangkat na Napapaloob ay ginagamit para alamin ang pagkakasunod-sunod ng alokasyon ng mga lugar sa paaralan ng mga mag-aaral para sa “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at “May Pagtatakdad sa Paaralang Pagpipilian”. Sila ay hindi lubos na mga pamantayan sa pagsusuri ng gawaing pang akademiko ng mga mag-aaral. Ang pangkat ng alokasyon ng indibidwal na mga mag-aaral ay hindi mananatili pagkatapos na makumpleto ang pamamaraan ng alokasyon.</p>

<b>Q(3)</b>	Maaari bang ang Pangkat ng Teritoryo ng mag-aaral ay pareho ng kaniyang Pangkat na Napapaloob?
<b>A(3)</b>	Sa pagpoproseso ng “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A, ang mga mag-aaral sa teritoryo ay ilalagay sa pagkakasunod-sunod ng merito ayon sa kanilang nasukat na mga marka at hahatiin sa 3 Pangkat ng Teritoryo (bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa paaralang primarya sa teritoryo). Para sa pagpoproseso ng “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B, ang nasukat na mga marka ng lahat ng mga mag-aaral na parehong napapaloob ay ilalagay sa isang pagkakasunod-sunod ng merito. Pagkatapos ang mga mag-aaral ay pantay na hahatiin sa 3 mga Pangkat na Napapaloob (bawat isa ay binubuo ng 1/3 ng kabuuang bilang ng mga mag-aaral ng paaralang primarya sa paaralang napapaloob). Samakatuwid, maaaring maging magkaiba ang Pangkat ng Teritoryo ng isang mag-aaral at ang kaniyang Pangkat na Napapaloob.
<b>Q(4)</b>	Kung ang mag-aaral ay lumipat sa isang paaralang primarya na may mga mas mabuting resulta ng alokasyon, siya ba ay may mas mataas na pagkakataong makakuha ng isang mas mataas na pangkat ng alokasyon?
<b>A(4)</b>	Ang pangkat ng alokasyon ng isang mag-aaral ay malalaman sa pamamagitan ng mga nasukat na resulta ng panloob na pagsusuri (IA). Samakatuwid, kapag ang mag-aaral ay nag-enrol sa isang paaralang primarya na may mga mas mabuting resulta ng alokasyon, dapat na magsikap siyang mabuti para makakuha ng mabuting resulta ng IA sa para makakuha ng mas mataas na pangkat ng alokasyon. Sa paaralang primarya na may mga mas mabuting resulta ng alokasyon, matindi ang kompetisyon sa pangkalahatan. Magiging mas mahirap makakuha ng mas mataas na ranggo sa IA. Dahil dito, ang mga magulang ay dapat na pumili ng paaralan para sa kanilang mga anak na tumutugma sa kanilang pamantayan at kakayahan.
<b>Q(5)</b>	Kung ang mag-aaral ay naaprubahan para sa cross-net na alokasyon, paano malalaman ang kaniyang pangkat ng alokasyon sa bagong paaralang napapaloob?
<b>A(5)</b>	Kung naaprubahan ang mag-aaral para sa cross-net na alokasyon, ang nasukat na mga marka na nakuha niya sa kaniyang orihinal na paaralan ay ikukumpara sa mga nasukat na marka ng mga mag-aaral sa bagong school net para alamin ang kaniyang pangkat na napapaloob sa bagong paaralang napapaloob. Sa ibang salita, ang pangkat na napapaloob ng mag-aaral sa orihinal na paaralang napapaloob at ang kaniyang pangkat na napapaloob sa bagong paaralang napapaloob ay maaaring magkaiba.


Seksiyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Abril 2021

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021**  
**Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**Gawaing Pagpili sa Sentral na Alokasyon**

<b>Q(1)</b>	Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kapag pinupunan ang “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili)?
<b>A(1)</b>	<p>(a) Ang mga magulang, kapag pinupunan ang Bahagi A ng Form sa Pagpili, ay kailangang tingnang mabuti ang kodigo ng paaralan at siguraduhing pareho ito sa kodigo na nakasulat sa “Manwal ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian.” Para sa “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa ilalim ng Bahagi A, ang mga magulang ay maaaring pumili ng mga paaralan mula sa alinmang mga distrito. Kung mali ang nailagay na kodigo ng paaralan, magbibigay ang computer ng isang lugar sa paaralan nang naaangkop dito. Sa ibang salita, ibibigay sa kaniyang anak ang isang lugar ng paaralan.</p> <p>(b) Dapat sumangguni ang mga magulang sa kodigo ng paaralan na nakasulat sa “Manwal ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ng paaralang napapaloob kung saan kabilang ang mag-aaral kapag pinupunan ang Bahagi A at Bahagi B ng Form sa Pagpili. Dapat maingat na ilagay ng mga magulang ang kodigo ng paaralan at ang mga maling pagtatala ay hindi ipoproseso at ang mga maling pagtatala ay hindi ipoproseso. Bukod dito, kung pinili ng mga magulang ang isang paaralang sekondarya na hindi nag-lalaan ng mga lugar sa Sekondarya 1 (S1) sa ilalim ng sistema sa siklong ito ng alokasyon, ang piniling paaralan na iyan ay hindi ipoproseso.</p> <p>(c) Unang ipoproseso ng computer ang mga piniling paaralan ng Bahagi A. Ang mag-aaral na matagumpay sa pagkuha ng lugar ng paaralan sa Bahagi A ay hindi na bibigyan ng lugar sa Bahagi B. Kaya naman, dapat punan ng mga magulang ang paaralan na pinakagusto nila sa Bahagi A. Dahil mas maraming probisyon ng lugar sa paaralan sa Bahagi B at mas malamang na mabigyan ang mag-aaral ng isang lugar na paaralan, dapat subukan ng mga magulang na punan ang pinakamaraming paaralan hangga’t maaari, nang sa gayon, ang kanilang mga anak ay mabigyan ng isang lugar sa paaralang gusto nila.</p>
<b>Q(2)</b>	Paano dapat pumipili ang mga magulang ng paaralan para sa kanilang anak?
<b>A(2)</b>	Bago pumili ng mga paaralan, dapat pag-aralan ng mga magulang ang “Manwal ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”, ang “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ng paaralang napapaloob kung saan kabilang ang mag-aaral at ang “Paalala para sa magulang ukol sa Sentral na Alokasyon” at panoorin ang DVD ng “Sistema ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Pang-sekondarya” na ipinamahagi ng Kawanihan ng Edukasyon noong Oktubre ng nakaraang taon. Dapat din silang humingi ng payo mula sa kanilang mga paaralang primarya, pagkatapos, ayon sa kakayahan at abilidad ng kanilang mga anak, pumili ng hindi hihigit sa 3 paaralan mula sa alinmang distrito at ilagay ito sa Bahagi A ng “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili) ayon sa pagkakasunud-sunod ng prayoridad. Pagkatapos, dapat pumili ang mga magulang ng hanggang 30 paaralan mula sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” at ilagay ito sa Bahagi B ng Form sa Pagpili ayon sa kanilang gusto. Sa Sentral na Alokasyon, ang piniling paaralan sa ilalim ng Bahagi A ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian ay ipoproseso bago ang Bahagi B na May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian. Sa ibang salita, ang piniling paaralan ng mag-aaral sa ilalim ng Bahagi B ay hindi ipoproseso kung nabigyan siya ng isang lugar sa paaralan sa ilalim ng Bahagi A. O kaya, kung hindi nabigyan ang mag-aaral ng isang lugar sa Bahagi A, ang kaniyang mga piniling paaralan sa ilalim ng Bahagi B ay ipoproseso.

<b>Q(3)</b>	Paano maaaring makakuha ang mga magulang ng higit pang impormasyon tungkol sa mga paaralang pang-sekondaryang gusto nilang piliin?
<b>A(3)</b>	Maaaring sumangguni ang mga magulang sa “Secondary School Profile 2020/2021” na itinala ng komite sa Home School Cooperation at ipinamahagi ng mga magulang noong Disyembre 2020. Maaari ding bumisita ang mga magulang sa mga website sa pamamagitan ng link sa web na bersyon ng “Secondary School Profile” ( <a href="https://www.chsc.hk/secondary/en">https://www.chsc.hk/secondary/en</a> ) para makakuha ng impormasyon tungkol sa mga paaralang pang-sekondarya. Ang impormasyon ng paaralan, kasama na ang pangalan ng paaralan, address, numero ng telepono, uri ng pinansyal, planong numero ng mga available na lugar sa paaralan atbp., ay kasama sa “Manwal ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” (Manwal) at sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya”. Ang dalawang dokumentong nasa itaas ay naupload na rin sa website ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ( <a href="https://www.edb.gov.hk">https://www.edb.gov.hk</a> ) (Piliin: Home > Education System and Policy > Primary and Secondary School Education > School Places Allocation Systems > Secondary School Places Allocation (SSPA) System). Maaari ring gumamit ang mga magulang ng serbisyong facsimile sa pamamagitan ng Automatic Telephone Enquiry System (Telephone no.: 2891 0088) para makakuha ng impormasyon sa manwal. Maaari ring magtanong ang mga magulang nang direkta sa mga paaralan sa pamamagitan ng pagsangguni sa numero ng telepono na makikita sa mga dokumento sa itaas.
<b>Q(4)</b>	Maaari bang sumangguni ang mga magulang sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ng ibang mag-aaral?
<b>A(4)</b>	Dapat iwasan ng mga magulang ang paggawa nito. Ito ay dahil sa mayroong 18 na mga paaralang napapaloob ang Hong Kong, at bawat isa ay binubuo ng iba’t ibang mga piniling paaralan. Ang “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya” ng ibang mag-aaral ay maaaring iba ang paaralang napapaloob.
<b>Q(5)</b>	Paano maaaring malaman nang higit pa ang mga magulang tungkol sa resultang akademiko ng kanilang mga anak para matulungan sila sa pagpili ng paaralan?
<b>A(5)</b>	Maaaring komunsulta ang mga magulang sa mga paaralang primarya na pinapasukan ng kanilang mga anak para sa kanilang gawaing pang akademiko pati na rin ang nakalipas na partisan ng alokasyon ng mga paaralan. Pagkatapos maaari na nilang gamiting reperensya ang impormasyong ito para makapili ng tamang piniling paaralan para sa kanilang mga anak.
<b>Q(6)</b>	Dapat bang punan ng mga magulang ang ilang mga paboritong mga paaralang pang-sekondaryo bilang kanilang piniling paaralan?
<b>A(6)</b>	Dapat punan ng mga magulang ang hindi hihigit sa 3 iba’t ibang paaralan sa Bahagi A at hanggang 30 na iba’t ibang paaralan sa Bahagi B. Ang pagpuno sa ilang mga paboritong piniling paaralan o pag-ulit ng parehong mga pinili ayon sa iba’t ibang prayoridad sa parehong bahagi ay hindi makadaragdag ng tsansang mailagay ang kanilang mga anak sa mga paaralang iyon. Sa kabaligtaran, maaaring makadagdag ito sa panganib na ang kanilang anak ay mailagay sa mga paaralan na hindi kasama sa kanilang mga pinagpilian. Dapat tandaan na sa Sentral na Alokasyon, ang piniling paaralan sa Bahagi A, ang “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”, ay ipoproseso bago ang Bahagi B, ang “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”. Kaya, dapat punan ng mga magulang ang mga paaralang pinakagusto nila sa Bahagi A, Gayunman, dahil mas marami ang lugar sa paaralan sa Bahagi B at ang mga mag-aaral ay may mataas ang tsansang mailagay sa lugar sa paaralan sa Bahagi B, kung gayon, dapat subukan ng mga magulang na punan ang piniling paaralan ng marami hangga’t maaari sa Bahagi B para ang kanilang anak ay magkaroon ng malaking tsansang mailagay sa mga paaralang pinili nila.

Q(7)	Dapat bang ilagay ng mga magulang ang (mga) paaralan na kanilang inaplayan sa yugto ng Discretionary Places (DP) bilang ang una (at pangalawa) na (mga) pinili o isama ito/sila sa “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili) bilang isa/dalawa sa mga piniling paaralan?
A(7)	Sa pagpili ng mga piniling paaralan, kung ang (mga) paaralang inaplayan sa yugto ng DP ay nasa paaralang napapaloob ng mag-aaral at ang mga magulang ay nagnanais pa rin na ang kanilang mga anak ay mailagay sa mga paaralan, maaari nilang isama ang (mga) paaralan sa Bahagi A at Bahagi B ng Form sa Pagpili bilang ang kanilang piniling paaralan. Gayunman, kung ang (mga) paaralan na kanilang inaplayan sa yugto ng DP ay hindi kabilang sa kanilang paaralang napapaloob, dapat lamang ng mga magulang gawin ito/sila bilang ang piniling paaralan sa Bahagi A ng Form sa Pagpili. Ang prayoridad ng (mga) piniling paaralan ay nasa sariling pagpapasya ng magulang.
Q(8)	Kung ang mga magulang ay hindi pumili ng anumang piniling paaralan sa Bahagi A, ang “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at pumili lang ng piniling paaralan sa Bahagi B, ang “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”, mailalagay ba ang kanilang mga anak sa mga piniling paaralan sa ilalim ng Bahagi B sa isang mas mataas na prayoridad?
A(8)	Hindi. Ayon sa proseso ng alokasyon, ang mga piniling paaralan sa Bahagi A, ang “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”, ay ipoproseso bago ang mga piniling paaralan sa Bahagi B, ang mga “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”. Sa pagproseso ng mga “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi A, unang sasalain ng computer ang mga piniling paaralan sa Pangkat ng Teritoryo 1 na mga mag-aaral, pagkatapos ay ang mga piniling paaralan ng Pangkat ng Teritoryo 2 na mga mag-aaral at panghuli, ang mga piniling paaralan ng Pangkat ng Teritoryo 3 na mga mag-aaral. Ipoproseso lamang ng computer ang mga piniling paaralan sa Bahagi B pagkatapos na maiproseso ang mga piniling paaralan ng lahat ng mga mag-aaral sa Bahagi A. Sa pagpoproseso ng “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” sa Bahagi B, sasalain muna ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa pangkat na napapaloob 1 hanggang sa ang lahat ay mabigyan ng lugar sa paaralan. Pagkatapos ay sasalain ng computer ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral na pangkat na napapaloob 2, at panghuli, ang mga piniling paaralan ng mga mag-aaral sa pangkat na napapaloob 3 sa pamamagitan ng parehas na proseso.
Q(9)	Mahalaga ba para sa mga magulang na kumpletuhin ang “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili) sa yugto ng Sentral na Alokasyon kung ang kanilang mga anak ay nag-aplay para sa (mga) discretionary place sa (mga) paaralang nakikilahok sa SSPA o sa isang lugar sa Sekondarya 1 ng Jockey Club Ti-I College?
A(9)	<p>Ang mga magulang ay kinakailangan na kumpletuhin at isumite ang Form sa Pagpili. Kung ang mga magulang ay naabisuhan ng mga kalahok na pang-sekondaryang paaralan sa Sistema ng SSPA ng pagkakabilang ng kanilang mga anak sa Listahan ng mga Nagtagumpay para sa Discretionary Places o ang kanilang mga anak ay natanggap sa Jockey Club Ti-I College, kinakailangan na lamang nilang pirmahan ang Form sa Pagpili pagkatapos punuan ito ng impormasyon sa pagkontak at ekisan ang bahagi sa mga napiling paaralan upang ipakita na hindi nila kailangang pumili sa mga paaralan (Mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba).</p>  <p>Kung ang mga magulang ay hindi pumili ng kahit anong paaralan at hindi ipinahiwatig ang</p>

intension sa hindi paglahok sa Sentral na Alokasyon sa Form sa Pagpili, at ang mag aaral ay parehas na hindi nabigyan ng lugar ng paaralan sa yugto ng Discretionary Place at hindi natanggap ng Jockey Club Ti-I College / Iskema ng Direktang Subsidiya ng mga paaralang pang-sekondarya na hindi kalahok sa Sistema ng SSPA (Paaralang Sekondarya ng NDSS), ang mga mag aaral ay bibigyan ng alokasyon sa mga lugar ng paaralan ayon sa naitatag na pamamaraan ng alokasyon.

**Q(10)** Kung natanggap ang mag-aaral sa isang paaralang nasa ilalim ng Iskema ng Direktang Subsidiya ng Sekondaryang Paaralan na hindi lumalahok sa SSPA (Sekondaryang Paaralan na NDSS) at nakapagkumpleto rin ng proseso sa pagpaparehistro, kailangan pa rin bang kumpletuhin ng kaniyang mga magulang ang Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian (Form sa Pagpili)?

**A(10)** Ang mga magulang ay kinakailangan na kumpletuhin at isumite ang Form sa Pagpili. Kung ang isang mag-aaral ay natanggap sa isang NDSS na paaralang pang-sekondarya at ang kanyang magulang ay lumagda ng isang pangako at ibinigay ang kanyang “Form para sa Talaan ng Mag-aaral sa Primarya 6” sa paaralan, o tinanggap ng ibang mga paaralan (hal. mga paaralang internasyonal o paaralang pribado), at nagpasya na hindi lumahok sa Sentral na Alokasyon (CA), ang kanyang mga magulang ay kailangang pumirmasa Form sa Pagpili pagkatapos sagutan ang impormasyon ng pagkontak at ekisan ang bahagi ng mga napiling paaralan upang ipahayag ang kanilang intensyon na hindi paglahok sa CA (mangyaring sumangguni sa diagram sa ibaba.)

The image shows a sample of the 'Form for Unrestricted School Choices' (Form sa Pagpili) with a large diagonal line drawn across it. The form includes sections for 'Unrestricted School Choices' (Part A) and 'Restricted School Choices' (Part B), with fields for school codes and student preferences. It also has a signature line for the parent/guardian and a date field.

Kung ang mga magulang ay hindi pumili ng kahit anong paaralan at hindi ipinahiwatig ang intension sa hindi paglahok sa CA sa Form sa Pagpili, at ang mag aaral ay parehas na hindi nabigyan ng lugar ng paaralan sa yugto ng Discretionary Place at hindi natanggap ng Jockey Club Ti-I College / Sekondaryang Paraan na NDSS, ang mga mag aaral ay bibigyan ng alokasyon sa mga lugar ng paaralan ayon sa naitatag na pamamaraan ng alokasyon.



<p><b>Q11</b></p>	<p>Kung nagbigay pahintulot ang mga magulang na makakuha ng resulta ng alokasyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng SMS, paano nila ilalagay sa “Form para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili)? Kailangan bang kolektahin ng mga mag-aaral ang resulta ng kanilang alokasyon mula sa kanilang kasalukuyang Primary ana paaralan?</p>
<p><b>A11</b></p>	<p>Ipapaalam ng Kawanihan ng Edukasyon sa mga magulang ang resulta ng alokasyon ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng mensahe sa SMS. Ang mga magulang nais makakuha ng naturing mensahe sa SMS ay maaaring magbigay ng numero ng telepono kung saan nila matatanggap ang mensahe sa SMS sa tukoy na kahon (tignan ang larawan sa ibaba) sa Form sa Pagpili, upang ibigay ang kanilang pahintulot na makatanggap ng mga mensahe sa SMS sa pamamagitan ng naturing numero ng telepono. Ang pagsasaayos para sa mga mag-aaral upang makolekta ang resulta ng kanilang alokasyon mula sa kasalukuyang Paaralang Primarya, kabilang na ang iba pang pagsasaayos ng administrasyon na may kinalaman sa anunsyo ng resulta ng alokasyon ay mananatili at hindi magbabago.</p> <div data-bbox="327 694 1396 985" style="border: 1px solid black; padding: 10px; margin: 10px auto; width: 80%;"> <p style="text-align: center; font-size: small;">CENTRAL ALLOCATION</p> <p style="font-size: x-small;">本人聲明，表內所選擇的學校為本人與讀《統一派位家長須知》後自願填寫的。 I certify that I have read the “Notes for Parents on Central Allocation” and I have made the above choices at my own will. 本人同意教育局透過電話短訊形式(SMS)通知學生的派位結果予本人。本人可接收 SMS 的手提電話號碼已填寫在右邊的方格內〔如不同意接收 SMS 請留空此方格〕。 Consent is given for the Education Bureau to inform me of the allocation results of the student via SMS message. My mobile phone number which can receive SMS is provided in the box on the right (please leave the box blank if you do not wish to receive SMS).</p> <div style="display: flex; justify-content: space-between; align-items: center;"> <div style="border: 1px solid black; padding: 5px; width: 60%;">9876 XXXX</div> </div> <p style="font-size: x-small;">家長/監護人簽署 Signature of Parent/Guardian <u>Chan T M</u> 日期 Date <u>XX/XX/2021</u></p> <p style="font-size: x-small;">家長/監護人姓名(請用正楷填寫) Name of Parent/Guardian(In BLOCK Letters) <u>Chan Tai Man</u></p> <p style="font-size: x-small;">住址 Home Address <u>Flat XX, XX Floor, XX Building, XX Road, HK</u></p> <p style="font-size: x-small;">聯絡電話 Contact Tel. No. <u>XXXX XXXX</u></p> </div>

Seksiyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Abril 2021

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021**  
**Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**School Net**

<b>Q(1)</b>	Ano ang mga paaralang napapaloob?
<b>A(1)</b>	Alinsunod sa mga hangganan ng pangangasiwa ng distrito, ang buong teritoryo ay nahahati sa 18 na paaralang napapaloob. Binubuo ang bawat paaralang napapaloob ng lahat ng kalahok na mga paaralang pang-primarya at pang-sekondarya na matatagpuan sa distrito at sa ilang iba't ibang mga uri ng mga paaralang pang-sekondarya sa ibang mga distrito na nagbibigay ng mga lugar ng paaralan para sa mga napapalooban. Ang mga paaralang pang-sekondarya at lugar ng paaralan mula sa ibang mga distrito ay maaaring mag-iba-iba taun-taon. Maliban sa mga mag-aaral na may mga naaprubahang aplikasyon para sa mga cross-net na alokasyon, ang paaralang napapaloob kung saan nabibilang ang mag-aaral ay tinutukoy sa pamamagitan ng lokasyong kinaroroonan ng paaralang pang-primarya na pinapasukan ng mga mag-aaral, hindi sa distrito kung saan nakatira ang mag-aaral.
<b>Q(2)</b>	Paano isinasaayos ang mga paaralang napapaloob?
<b>A(2)</b>	Sa kadahilanan sa hindi pantay na pamamahagi ng mga paaralang pang-sekondarya sa mga paaralang napapaloob at sa galaw ng demograpiko, matagal nang naitatag na kasanayan ng paggawa ng mga kaayusan ng pagpapaloob kapag may kakulangan ng mga lugar ng paaralan sa isang distrito. Kasama sa mga salik na dapat isaalang-alang ang pangangailangan at panustos ng mga lugar ng paaralan sa bawat distrito, ang mga lokasyon ng mga paaralan at ang pagkakaroon, pati na rin ang pagkakarating ng mga transportasyon sa pagitan ng mga paaralang napapaloob at ang naitatag na parisan, atbp. Magtatayo kami, na sumasangguni sa Komite para sa Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Pang-sekondarya, ng mga pagsasaayos ng napapalooban sa partikular na taon pagkatapos ng maingat na pagsasaalang-alang ng mga pananaw ng mga nasasangkot tungkol sa mga kaayusan sa ilalim ng Sistemang SSPA.
<b>Q(3)</b>	Isinaalang-alang ba ng Kawanihan ng Edukasyon ang salik ng pampublikong transportasyon sa pagsasaayos ng mga paaralang napapaloob?
<b>A(3)</b>	Sa pagsasaayos ng mga paaralang napapaloob, ang pangunahing saligan ay ang paliitin ang mga hindi kinakailangang cross-district na alokasyon. Kung may isang tunay na pangangailangan para sa cross-district na alokasyon dahil sa kakulangan ng mga lugar ng paaralan sa ilang mga paaralang napapaloob, dapat na lubos ding isaalang-alang ang pagkakaroon at pagkakarating ng mga transportasyon.
<b>Q(4)</b>	Mayroon bang anumang espesyal na pagsasaayos ng napapaloob para sa bilang ng EMI na mga lugar sa paaralan sa bawat paaralang napapaloob?
<b>A(4)</b>	Ang pagsasaayos para sa pagpipino ng paraan ng pagtuturo (medium of instruction o MOI) para sa mga paaralang pang-sekondarya ay ipinatutupad na mula pa noong taong pampaaralan 2010/11. Ang mga paaralan ay hindi na inuuri sa mga paaralang gumagamit ng Tsino bilang MOI ("mga paaralang CMI") o mga paaralang gumagamit ng Ingles bilang MOI ("mga paaralang EMI"). Upang mapaglaanan ang iba't ibang mga pangangailangan ng mga mag-aaral, ang mga pamamaraang MOI sa mga paaralan ay maaaring maging mas sari-sari, kabilang ang CMI, CMI na may pinalawak na mga aktibidad ng pag-aaral sa Ingles, CMI/EMI sa iba't ibang mga paksa at buong paglubog sa EMI. Kapag pumipili ng mga paaralan para sa kanilang mga anak, pinapayuhan ang mga magulang na huwag magtuon ng pansin sa MOI ng paaralan, ngunit dapat isaalang-alang sa kabuuan na etos ng paaralan, mga katangian, suporta at mga kaugnay na pamantayan at suriin kung ang mga paaralan ba ay makakatulong na mapaunlad ang mga kakayahan at interes ng kanilang mga anak, at itaguyod ang kanilang personal na pag-unlad. Higit pa rito, kapag nagsasaayos ng paaralang napapaloob, sinusunod ng Kawanihan ng Edukasyon ang lahat ng saligang inilapat (ibig sabihin, isinasaalang-alang ang panustos at pangangailangan ng mga lugar ng paaralan ng nasasangkot na mga distrito, lokasyon ng mga paaralan at mga pasilidad ng serbisyo para sa transportasyon). Ang iba pang mga salik tulad ng mga pagsasaayos ng MOI na ginamit ng mga paaralan ay hindi isasaalang-alang.

<b>Q(5)</b>	Ano ang pagkakaiba ng bilang ng mga lugar sa paaralan na nakalista sa “Manwal para sa Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya?”
<b>A(5)</b>	<p>Dapat sumangguni ang mga magulang sa “Manwal para sa mga Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” (Manwal) sa pagpuno sa Bahagi A ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian ng “Form Para sa Unang Paaralang Pang-sekondaryang Pagpipilian” (Form sa Pagpili). Ang “Planadong mga Lugar para sa Lahat ng Napapaloob” na nakalista sa Manwal ay para sa lahat ng mag-aaral sa teritoryo at maaaring pumili ang mga magulang ng hindi hihigit sa 3 paaralan sa anumang mga distrito sa Bahagi A.</p> <p>Sa pagpupuno ng May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian sa Bahagi B ng Form sa Pagpili, dapat sumangguni ang mga magulang sa “Listahan ng Paaralang Pang-sekondarya.” Ang “Planadong mga Lugar sa SI para sa napapaloob nito” na ipinakita sa “Listahan ng Sekondaryang Paaralan” ay para sa mga mag-aaral sa kinauukulang paaralang napapaloob. Maaaring pumili ang mga magulang ng hanggang 30 na paaralan sa paaralang napapaloob ng mag-aaral sa Bahagi B.</p>
<b>Q(6)</b>	Mailalagay ba ang isang mag-aaral sa paaralan na nasa kaniyang paaralang napapaloob ngunit hindi roon sa kaniyang pinili?
<b>A(6)</b>	Kung ang mag-aaral ay hindi nabigyan ng isang lugar pagkatapos maubos ang lahat ng kaniyang mga piniling paaralan, ang computer ay magbibigay sa kaniya ng isang lugar mula sa ibang mga paaralan na may natitirang mga lugar sa kaniyang sariling paaralang napapaloob.
<b>Q(7)</b>	Mailalagay ba ang mag-aaral sa paaralan sa ibang mga distrito?
<b>A(7)</b>	<p>Ang isang mag-aaral ay ilalagay sa isang paaralan sa ibang mga distrito sa ilalim ng mga sumusunod na kalagayan:</p> <p>(a) Maaaring tanggapin ang mag-aaral ng isang paaralan sa ibang distrito sa yugto ng Lugar na may Mabuting Pagpapasiya o Discretionary Place o ilalagay sa isang lugar sa paaralan sa ibang distrito na napili sa ilalim ng Bahagi A May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian sa yugto ng Sentral na Alokasyon; o</p> <p>(b) Sa bawat paaralang napapaloob, may mga paaralang pang-sekondarya na matatagpuan sa distrito at ilang mga paaralang pang-sekondarya sa iba pang mga distrito para sa pinili ng mga magulang. Ang mga mag-aaral ay maaaring ilagay sa isang paaralang pang-sekondarya sa ibang distrito na nagbibigay ng mga lugar sa paaralan para sa kaniyang paaralang napapaloob.</p>
<b>Q(8)</b>	Kung ang isang mag-aaral ay lilipat sa ibang paaralang napapaloob, ngunit sumala siya sa pagkakataon na mag-aplay para sa cross-net na alokasyon, ano ang maaaring gawin ng mga magulang?
<b>A(8)</b>	Karaniwan, ang huling araw ng aplikasyon para sa cross-net na alokasyon ay sa mga unang araw ng Marso. Kung ang mag-aaral ay hindi nag-aplay para sa cross-net na alokasyon, maaari siyang lumahok sa Sentral na Alokasyon sa orihinal na paaralang napapaloob. Kung ang mag-aaral ay nagnanais na lumipat sa ibang paaralan, dapat muna siyang magparehistro sa inilaang paaralan pagkatapos ilabas ang resulta ng alokasyon. Pagkatapos, maaari siyang magtanong o mag-aplay nang direkta para sa paglipat sa isang paaralang pang-sekondarya na malapit sa lugar ng kaniyang bagong tirahan. Dapat niyang dalhin ang mga kopya ng Katibayan ng Kapanganakan, Slip ng Alokasyon at ang mga pinakabagong ulat ng paaralan bilang reperensya ng paaralan. Nasa pagpapasya ng paaralan kung tatanggapin ang mag-aaral.

<b>Q(9)</b>	Ano ang pagkakaiba ng mga kaayusan sa paaralang napapaloob ngayong taon at sa kaayusan noong nakaraang taon?
<b>A(9)</b>	Dahil sa may mga pagkakaiba-iba sa bilang ng mga kalahok ng Primarya 6 taun-taon, ang pangangailangan para sa mga lugar ng isang distrito sa iba't ibang taon ay maaaring tumaas o bumaba kung kayat ang bilang ng mga piniling paaralan at mga lugar sa paaralan sa iba pang mga distrito ay dapat maiayos nang naayon. Sa pangkalahatan, ang anumang kakulangan ng mga lugar ng paaralan sa sariling distrito ay matutugunan sa pamamagitan ng mga lugar ng paaralan na ibinigay ng mga paaralan sa ibang mga distrito. Kapag ang mga lugar ng paaralan ay sapat para matugunan ang pangangailangan, ang mga lugar ng paaralan mula sa ibang paaralan sa ibang mga distrito ay hindi isasama. Ang mga kaayusan sa paaralang napapalooban ay batay sa saligang matagal nang ginagamit at sa pagkonsulta sa Komite sa Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Pang-sekondarya. Ito ay para siguraduhing sapat ang panustos ng mga lugar sa paaralan na ibibigay para sa bawat paaralang napapaloob (tuwing magkaroon ng kakulangan sa mga lugar sa paaralan, ang mga labis na lugar mula sa ibang kalapit na mga distrito ay ipapaloob para makabawas sa kakulangan), para madagdagan din ang mga pagpipilian ng mga magulang sa mga paaralang napapaloob.

Seksiyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Abril 2021

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021  
Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**Mga Feeder / Nominadong Paaralan**

<b>Q(1)</b>	Ano ang mga kaayusan ng pagtanggap sa Sekondarya 1 (S1) para sa mga mag-aaral na Primarya 6 (P6) na nag-aaral sa ilalim ng Iskema ng Feeder / Nominadong Paaralan?
<b>A(1)</b>	<p>Pagkatapos na ibawas ang mga lugar na umuulit at may mabuting pagpapasiya o discretionary place, ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya ay maaaring maglaan ng hanggang 85%/25% ng mga natitirang lugar sa S1 para sa feeder/nominadong (mga) paaralang pang-primarya. Ang isang mag-aaral na P6 na nag-aaral sa feeder/nominadong paaralan ay kwalipikado para sa nakalaang lugar sa kanyang orihinal na paaralang pang-sekondarya kung:</p> <p>(a) siya ay nasa Pangkat na Napapaloob 1 o 2; at</p> <p>(b) pinili niya ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang una niyang pinili sa Bahagi B ng May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian.</p> <p>Kung tatanggapin ng mga napapabilang na paaralang pang-sekondarya ang mga mag-aaral na nasa Pangkat na Napapaloob 3, lahat ng mga mag-aaral sa 3 mga pangkat ay magiging kwalipikado. Maaaring magtanong nang direkta ang mga magulang sa napapabilang na paaralang pang-sekondarya.</p> <p>Kung ang mga kwalipikado na mga mag-aaral ay kulang sa mga nakalaang lugar, ang alokasyon ay ibabatay sa Pangkat na Napapaloob ng mga mag-aaral at sa kanilang mga Sapalarang Bilang hanggang ang lahat ng mga nakalaang lugar ay mapuno.</p>
<b>Q(2)</b>	Paano malalaman ng mga magulang kung ang paaralang pang-primarya ng kanilang mga anak ay may (mga) feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya?
<b>A(2)</b>	<p>Maaaring makakuha ang mga magulang ng kaugnay na impormasyon mula sa “Profile ng Paaralang Pang-primarya” (Profile) na inilalathala sa Setyembre bawat taon. Ang (mga) feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya ng paaralang pang-primarya ay ililista sa Profile. Maaari ring makipag-ugnayan ang mga magulang nang direkta sa paaralang pang-primarya para sa impormasyon.</p> <p>Dapat tandaan ng mga magulang kung ang isang mag-aaral na nag-aaral sa isang feeder/nominadong paaralang pang-primarya ay inaprubahan para sa cross-net na alokasyon, siya ay hindi magiging kwalipikado para sa isang nakalaang lugar ng (mga) feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya.</p>
<b>Q(3)</b>	Para sa mga mag-aaral na Primarya 6 na kwalipikado para ipamahagi sa kaniyang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya, maaari ba niyang ilagay ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang isa sa kaniyang piniling paaralan kapwa sa Bahagi A na “Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian” at Bahagi B na “May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian”?
<b>A(3)</b>	Sa yugto ng Sentral na Alokasyon, ang mga nakalaang lugar para sa mga feeder/nominadong paaralan ay angkop lamang sa mga May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian ng Bahagi B. Dapat isama ng mga magulang ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya bilang ang unang pagpipilian sa Bahagi B. Gayunpaman, sariling pagpapasya ng mga magulang kung isasama ang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya sa Bahagi A.

<b>Q(4)</b>	Ang kwalipikado bang mag-aaral ng feeder/nominadong paaralang pang-primarya ay hindi mailalagay sa kaniyang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya?
<b>A(4)</b>	Hindi maaaring ilagay ang mag-aaral sa kaniyang feeder/nominadong paaralang pang-sekondarya dahil sa sumusunod na mga dahilan: (a) Hindi ginawa ng mga mag-aaral ang feeder/nominadong paaralang sekondarya bilang ang kaniyang unang piniling paaralan sa May Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian B gaya ng kinakailangan; (b) Lumabis sa bilang ang kwalipikadong mga feeder/nominadong mag-aaral na Primarya 6 sa mga inilaang lugar ng paaralan; (c) Ang mag-aaral ay matagumpay na nakakuha ng isang lugar na may mabuting pagpapasiya o discretionary place sa ibang paaralang pang-sekondarya o inilagay sa isang lugar ng paaralan sa Bahagi A na Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian; o (d) Ang mag-aaral ay inaprubahan para sa cross-net na alokasyon.

### **Mga Paaralang “Through-train”**

<b>Q(5)</b>	Ano ang mga kaayusan ng pagtanggap sa Sekondarya 1 (S1) para sa mag-aaral na Primarya (P6) na nag-aaral sa isang paaralang “through-train”??
<b>A(5)</b>	Ang mga mag-aaral na P6 ng isang paaralang “through-train” ay maaaring piliing magpatuloy sa napapabilang na paaralang pang-sekondarya nito nang direkta nang hindi dumadaan sa anumang proseso ng pagpili. Kung nagpasya siyang mag-aplay para sa lugar sa S1 sa ibang paaralang pang-sekondarya, sa isang lugar na may mabuting pagpapasiya o discretionary place ng ibang paaralang pang-sekondarya at/o lumahok sa Sentral na Alokasyon, aalisin sa kaniya ang karapatang magpatuloy sa napapabilang na paaralang pang-sekondarya nito.
<b>Q(6)</b>	Ang mga mag-aaral ba ng ibang paaralang pang-primarya ay may pagkakataong mag-aral sa isang “through-train” na paaralang pang-sekondarya?
<b>A(6)</b>	Lahat ng mga paaralang “through-train” ay kinakailangang sumunod sa saligang dapat lampasan ng bilang ng mga lugar sa Sekondarya 1 (S1) sa napapabilang na paaralang pang-sekondarya ang bilang ng mga nagtapos na Primarya 6 (P6) sa napapabilang nitong paaralang pang-primarya upang ang mga mag-aaral ng iba pang mga paaralang pang-primarya ay maaari pa ring matanggap sa pamamagitan ng pag-aplay para sa lugar na may mabuting pagpapasiya o discretionary place o paglahok sa Sentral na Alokasyon. Ang mga paaralang pang-sekondarya “through-train”, kapwa kasalukuyang umiiral at bagong pinatatakbo, ay dapat nasa saligan na maglaan ng hindi bababa sa 15% ng kanilang kabuuang bilang ng mga lugar sa S1, pagkatapos ng pagbawas ng mga lugar na umuulit, para sa pagtanggap ng mga mag-aaral ng ibang mga paaralang pang-primarya sa pamamagitan ng mga aplikasyon sa lugar na may mabuting pagpapasiya o discretionary place o Sentral na Alokasyon.

### **Iskema ng Direktang Subsidiya (DSS) para sa Sekondaryang Paaralan**

<b>Q(7)</b>	Ano ang dapat tandaan ng mga magulang kung gusto nilang ipasok ang kanilang mga anak sa isang secondaryang paaralan na DSS?
<b>A(7)</b>	Dapat tandaan ng mga magulang na ang mga sekondaryang paaralan na DSS ay maaaring may bayad. Ang mga mag-aaral na nakakumpleto ng Sekondarya 3 sa mga sekondaryang paaralan na DSS ay maaaring maitaas sa Sekondarya 4 (S4) sa sarili nilang mga paaralan at hindi na ilalagay sa S4 sa ibang mga paaralang may tulong ng Kawanihan ng Edukasyon.

<b>Q(8)</b>	Mayroon bang anumang mga pagkakaiba sa alokasyon ng mga lugar sa Sekondarya 1 (S1) sa pagitan ng mga sekondaryang paaralan na DSS na lumalahok sa sistemang SSPA at mga paaralang may tulong ng pamahalaan at mga caput school?
<b>A(8)</b>	Karaniwang pareho ang mga proseso ng alokasyon ng mga lugar ng paaralan para sa mga lumalahok na mga sekondaryang paaralan na DSS at pamahalaan, mga paaralang may tulong mula sa pamahalaan at mga caput school maliban sa ang mga kalahok na sekondaryang paaralan na DSS ay maaaring maglaan ng higit sa 30% ng mga lugar sa S1 katulad ng Discretionary Places. Ang mga paaralan ay kinakailangan pa ring maglaan ng 10% ng mga lugar ng paaralan para sa Sentral na Alokasyon (CA) para sa alokasyon sa ilalim ng Walang Pagtatakda sa Paaralang Pagpipilian. Bukod dito, ang mga lugar sa S1 ng kalahok na mga sekondaryang paaralan na DSS ay inilagay sa isang patakarang “walang pinili, walang alokasyon” sa CA (ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay hindi mabibigyan ng alokasyon sa mga kalahok na sekondaryang paaralan na DSS sa CA maliban kung isinama nila ang mga ito sa kanilang mga piniling paaralan.)
<b>Q(9)</b>	Ano ang mga bagay na dapat tandaan na may kaugnayan sa alokasyon sa mga lugar ng paaralan para sa mga mag-aaral na lumalahok sa SSPA at natanggap sa mga sekondaryang paaralan na DSS na <u>hindi lumalahok</u> sa sistemang SSPA(sekondaryang paaralan na NDSS)?
<b>A(9)</b>	<p>Sa sandaling matanggap na ang mag-aaral sa isang sekondaryang paaralan na NDSS at tinanggap ng kaniyang mga magulang ang alok, ang kaniyang mga magulang ay kinakailangang lumagda sa isang pangako sa paaralang sangkot upang ipahayag na sumang-ayon siya na bitawan ang alinmang ibang mga lugar sa Sekondarya 1 (S1) na may subsidiya ng pamahalaan. Ang mga magulang ay hihilingan ding ibalik ang “Primarya 6 Talaang Form” ng bata sa paaralan. Ang mga mag-aaral na ito ay hindi bibigyan ng iba pang mga lugar sa S1.</p> <p>Mangyaring <a href="#">pumindot dito</a> upang i-browse ang listahan ng mga Direktang Panukala sa Tulong Pinansyal o Direct Subsidy Scheme Direct Subsidy Scheme ng Paaralang Pang-sekondarya na <u>hindi kalahok</u> sa Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralang Pang-sekondarya sa 2019/2021.</p>

Seksiyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Abril 2021

**Sistemang Secondary School Places Allocation (SSPA) 2019/2021  
Madalas na mga Katanungan at Mga Sagot**

**Kaayusan ng Alokasyon para sa mga Mag-aaral na Hindi Nagsasalita ng Tsino (Non-Chinese Speaking o NCS)**

<b>Q(1)</b>	Sa ilalim ng kasalukuyang kaayusan ng alokasyon, paano dapat pumili ng lugar ng paaralan ang mga mag-aaral na NCS?
<b>A(1)</b>	<p>Ang lahat na karapat-dapat na bata, anuman ang lahi o lugar ng kapanganakan, ay makikinabang sa patas na oportunidad na matanggap sa Unang Sekondarya ng Pang-publikong Sektor ng mga Paaralan sa ilalim ng SSPA. Maaaring pumili ang mga mag-aaral na NCS ng mga paaralang pang-sekondarya mula sa alinmang paaralang napapaloob sa Bahagi A at mula sa paaralang napapaloob kung saan sila kabilang sa Bahagi B ayon sa kanilang kagustuhan sa yugto ng Sentral na Alokasyon.</p> <p>Dapat isaalang-alang ng mga magulang ng mga mag-aaral na NCS ang mga kakayahan, pangarap at pangangailangan ng kanilang mga anak kapag pumipili ng mga paaralan. Maaaring humingi ng payo ang mga magulang mula sa kanilang mga paaralang pang-primarya na pinapasukan ng kanilang mga anak, at sumangguni sa impormasyon ng paaralan mula sa mga paaralang napapaloob kung saan kasali ang kanilang mga anak. Upang tulungan ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS sa pagpipili ng pampublikong sektor na mga paaralan, ang Kawanihan ng Edukasyon (EDB) ay gumawa ng makukuhang impormasyon sa pagpapasok sa paaralan sa matataas na etnikong minoridad na mga wika. Ang nakalaan na mga pagtatagubilin na mga sesyon na may magkasabay na mga serbisyong pagpapaliwanag ay ginawa taun-taon para sa mga magulang ng mga mag-aaral na NCS. Mula sa 2015/16 na taong pampaaralan, ang Komite ng Home-School Cooperation (CHSC) ay naglathala ng nakalimbag na bersyon sa Ingles ng Profile ng Paaralang Pang-sekondarya upang ipamimigay sa mga magulang ng mga mag-aaral na NCS sa Primarya 6 sa pamamagitan ng paaralang pang-primarya para sa kanilang madaliang pag-akses sa impormasyon. Upang mabigyan ang mga magulang ng mga mag-aaral na NCS ng komprehensibong impormasyon sa paggawa ng mga pagpipilian na paaralan, isang hiwalay na hanay ng “Edukasyong Suporta para Mga Mag-aaral na NCS” ay idinagdag sa Profile ng Paaralang Pang-sekondarya upang magbigay ng importanteng impormasyon tungkol sa kanilang suporta para sa mga mag-aaral na NCS simula sa taong pampaaralan na 2018/19. Lahat ng pampublikong sektor na mga sekondaryang paaralan at Iskema ng Direktang Subsidiya sa mga sekondaryang paaralan nagbibigay ng local na kurikulum na tumatanggap ng mga mag-aaral na NCS at binigyan ng dagdag na pondo ay kinakailangan na tukuyin na ang mga dagdag na suporta ng paaralan upang mas palawigin ang kaalaman ng mga mag-aaral na NCS sa Tsino at ang pagsasagawa ng isang napapaloob na lugar ng kaalaman sa mga paaralan. Ang mga Profile ng mga Sekondaryang Paaralan ay inupload sa mga bersyon na Ingles at Tsino sa CHSC webpage. Ang EDB ay hinihikayat ang mga paaralan na ipagpatuloy na pagyamanin ang nilalaman ng Tsino at Ingles na mga bersyon ng Profile ng Paaralang Pang-sekondarya at mga webpages ng paaralan.</p>



<b>Q(2)</b>	Ano ang mga hakbang pangsuporta para sa mga mag-aaral na NCS na inilalaan ng Kawanihan ng Edukasyon (EDB) upang pabilisin ang kanilang pagtuto ng wikang Tsino?
<b>A(2)</b>	<p>Ang Pamahalaan ay nakatuon sa paghimok at pagsuporta sa integrasyon ng mga mag- aaral na NCS sa komunidad, kabilang ang pagtulong sa kanilang maagang pakikiangkop sa lokal na sistema ng edukasyon at pagpapahusay sa wikang Tsino. Kaugnay dito, ang EDB ay nagpakilala ng serye ng mga panukala simula noong 2014/2015 taong pampaaralan, upang mas mapagbuti ang suporta para sa mga mag-aaral ng NCS upang pabilisin ang kanilang pagtuto sa wikang Tsino kabilang ang implementasyon ng “Chinese Language Curriculum Second Language Learning Framework” (“Learning Framework”) sa paaralang pang-primarya at pang-sekondarya. Upang mapadali ang implementasyon ng “Learning Framework” at paglikha ng napapabilang na kapaligiran ng pagtuto sa mga paaralan, simula sa 2014/2015 na taong pampaaralan, ang EDB ay naglaan din ng dagdag na pondo sa mga paaralan at nagbigay sa mga paaralan ng mga mapagkukunan sa pagtuturo, pagsasanay ng guro at suportang propesyonal.</p> <p>Para sa mga detalye ng mga hakbang pangsuporta, mangyaring bisitahin ang <a href="#">EDB website</a>.</p>

Seksiyon ng Alokasyon ng mga Lugar sa Paaralan  
Kawanihan ng Edukasyon  
Abril 2021